Makabuhay: the abortificient of Quiapo

Interviewee: Meron kami yung mga papait. Kagaya nung nasa bote. Yung mga nilagang makabuhay. Ano iyon, mapait yun nilalaga yun. Pwede yun gamut sa mga diabetes. Sa may mga ulcer. Maraming klase ngt dahon yung mga yan. Yung mga mapapait.

*Interviewer: Saan po nangagaling?*

Interviewee: Meron iyan sa bundok. Kunwari sa Bulacan. Mha halaman kasi yan eh. Mga halamang gamut. Tapos dinideliver yan sa amin. Nilalaga nila. Paglaga nila, yung katas yoon yun.

*Interviewer: Magkano niyo po binibenta?*

Interviewee: Basta sa makabuhay, trenta hanggang singkwenta.

*Interviewer: Marami po bang bumibili?*

Interviewee: Oo. Mga bata. Mga mag-asawa.

Matagal nang pinagbabawal yan. Kaya lang kami, yung tinda naming, patago yan.

*Interviewer: Yung mga bumibili po, palihim?*

Interviewee: Oo. Palihim yan. Pagka nahuli ka niyan, makukulong ka eh. Makukulong ka niyan. Tapos magbabayad pa. Kaya syempre kahit walang benta, patago.

*Interviewer: Paano niyo po nalalaman pag gusto pong bumili?*

Interviewee: Kasi may iba naman yung parang titingin tingin sila. Ay alam na namin. Minsan naman may iba lalapit yan. Magtatanong sila "Ate may dahon ka bang mapait?"

Dalawang taon pa lang ako, kung baga baguhan pa lang.

*Interviewer Bakit niyo pong naisipan pasukin?*

Interviewee: IntSa akin naman, trabaho lang ito. May tatlo akong anak, meron din akong college na babae. Panganay ko, dalaga. College din siya. Third year college. Syempre, single parent ako. Kung baga, dito na lang ako.

Hindi naman ako pwede sa pabrika. Sa pabrika kasi sa isang lingo, dalawang libo eh. Ayoko naman mag-abroad kasi mas maiiwanan sila kasi wala silang kasama sa bahay. Kaya dito na lang ako sa bangketa magtitinda.

Dito naman kahit papaano, kikita ka ng Php500 isang araw. Kasya nay un pang-aral ng mga anak ko.